


Pangalan: _____

Ms. Eli

Basahin at Unawain

Isda



Ang isda ay nakatira sa dagat. Lumalangoy ito sa malinis na tubig. May iba't ibang kulay ang mga isda. Nakikita sila ng mga batang naglalaro sa tabing-dagat. Masayang pinagmamasdan ng mga bata ang mga isda.

Mga Tanong:

1. Saan nakatira ang isda?

2. Ano ang ginagawa ng isda sa tubig?

3. Ano ang kulay ng mga isda?

4. Sino ang nakakakita sa mga isda?

5. Ano ang ginagawa ng mga bata?

Pangalan: _____

Ms. Eli

Basahin at Unawain

Bangka



Ang bangka ay ginagamit sa dagat. Sinasakyan ito ng mga mangingisda. Pumapalaot sila upang manghuli ng isda. Maingat ang mga mangingisda tuwing may malakas na alon. Mahalaga ang bangka sa kanilang hanapbuhay.

Mga Tanong:

1. Ano ang ginagamit sa dagat?

2. Sino ang sumasakay sa bangka?

3. Ano ang ginagawa ng mga mangingisda?

4. Ano ang dapat gawin kung malakas ang alon?

5. Bakit mahalaga ang bangka?

Pangalan: _____

Ms. Eli

Basahin at Unawain

Alon sa Dagat



Ang alon ay gumagalaw sa dagat. Minsan ito ay mahina at minsan ay malakas. Tumatama ito sa pampang at bumabalik sa dagat. Gustong panoorin ng mga bata ang alon. Nakakatuwang makita ang galaw nito.

Mga Tanong:

1. Saan gumagalaw ang alon?

2. Ano ang katangian ng alon?

3. Saan tumatama ang alon?

4. Sino ang gustong manood ng alon?

5. Bakit nakakatuwa ang alon?

Pangalan: _____

No. 01

Basahin at Unawain

Kabibe



Ang kabibe ay matatagpuan sa dalampasigan. Iba-iba ang hugis at kulay nito. May maliliit at may malalaki ring kabibe. Pinupulot ito ng mga bata habang naglalakad sa buhangin. Masaya silang nag-iipon ng magagandang kabibe.

Mga Tanong:

1. Saan matatagpuan ang kabibe?

2. Ano ang pagkakaiba-iba ng kabibe?

3. Sino ang pumupulot ng kabibe?

4. Saan naglalakad ang mga bata?

5. Ano ang damdamin ng bata?
